**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## I. ANG FOUR BIGGEST THREATS

Kung saan ka masaya, iyon ang gawin mo! Ito ay isa lamang sa nagiging kaisipan ng mga kabataan ngayon. Sa halip na mamalagi at tumulong sa bahay, magbasa o mag-aral gugustuhin pa nilang maglakwatsa, magpunta sa internet shop para maglaro ng online games, mag-social media o makipag-online chat. Dito sila nakakaramdam ng kasiyahan. Hindi na mahalaga kung ang ginagawa nila ay tama o mali, mabuti o masama. Wala nang isip-isip. Sige na lang ng sige.

Kaya naman ngayon walang pakundangan kung magsalita at kumilos ang mga kabataan. Kabilang ka ba sa mga kabataang ito?

Ang salitang threat o banta ay ang tao o bagay na nagdudulot ng panganib o kapahamakan sa iba. Maraming threats o banta ang kinakaharap mo sa iyong teenage years kaya naman dapat ay handa ka na makilala, harapin at mapagtagumpayan ang mga ito.

**Threat No. 1: PREMARITAL SEX**

Ang salitang pre-marital sex ay nangangahulugang pakikipagtalik ng hindi pa kasal. Sa kasalukuyan, sobrang mapusok na ang mga kabataan. Ito ang dahilan kung bakit pataas ng pataas ang premarital sex rate na nauuwi sa teenage pregnancies sa ating bansa. Ang mga teenagers na nabubuntis taon-taon sa buong bansa ay lampas 200,000! Babies making babies, ‘ika nga sa America.

**Time Out**

Ano ang ibig sabihin ng pre-marital sex?

______________________________________________________________________

Ano ang nag-uudyok sa mga kabataan to engage in such action?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**1 Corinto 6:18**
Iwasan ninyo ang imoralidad. Ang ibang kasalanang nagagawa ng tao ay hindi nakakasira sa katawan, ngunit ang gumagawa ng imoralidad ay nagkakasala laban sa sarili niyang katawan.

*Flee from sexual immorality. Every other sin a person commits is outside the body, but the sexually immoral person sins against his own body.*

**1 Corinto 7:9**
Ngunit kung hindi sila makapagpigil sa sarili, mag-asawa na lang sila; mas mabuting mag-asawa kaysa hindi makapagpigil sa matinding pagnanasa.

*But if they cannot exercise self-control, they should marry. For it is better to marry than to burn with passion.*

**1 Tesalonica 4:3**
Kalooban ng Diyos na kayo'y maging banal at lumayo sa lahat ng uri ng kahalayan.

*For this is the will of God, your sanctification: that you abstain from sexual immorality.*

1. Ayon sa 1 Corinto 6:18, kanino nagkakasala ang isang sexually immoral person?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

2. Ayon sa 1 Corinto 7:9, ano daw ang dapat gawin ng isang taong hindi nakakapagpigil sa matinding pagnanasa?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

3. Base sa iyong sagot, sino lamang ang dapat na nag-eengage sa pagtatalik?
   ______________________________________________________________________


4. Ayon sa 1 Tesalonica 4:3, ano ang kalooban ng Diyos sa tao?
   ______________________________________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang pakikipagtalik o sex ay isang act na ipinagkaloob ng Diyos para sa mag-asawa. Sa kabilang banda ang sexual immorality ay ang kahit anong sexual act or sexual relationship outside of marriage. Samakatuwid ang pre-marital sex ay sexually immoral.

Tinuturo sa Bible that we should remain pure, at pag dumating ang tamang panahon ng pag-aasawa ay be faithful sa iyong asawa (1 Corinthians 7:8-9). Ang kabataang tulad mo ay dapat matutong maghintay sa tamang panahon para mag-engage sa ganitong activity. Huwag magmadali. Ang pagiging dalisay ang pinakamagandang maipagkakaloob mo sa iyong magiging asawa.

Pansinin ang ilan sa mga sanga-sangang epekto kung ang kabataang tulad mo ay nag-eengage sa premarital sex:



Ang premarital sex ay maaaring humantong sa – hindi inaasahang pagbubuntis (teenage pregnancy) na maaaring magdulot ng: pagtigil sa pag-aaral o hindi pagtatapos, habang ang iba naman ay ipinapalaglag ang sanggol sa sinapupunan. Asahan ang mga pagbabago sa katawan ng kabataang babae na hindi pa handa sa pagdadala ng nasa sinapupunan at ang maagang responsibilidad na hindi pa handang harapin (hindi pa handa physically, emotionally, mentally at higit sa lahat financially).

May ibang epekto ka pa bang naiisip na hindi nabanggit? Ito ba ang nais mong maging future?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Ano ang danger ng maagang pakikipagrelasyon?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Kung ang pakikipag relasyon ay ang unang hakbang papunta sa pagpapakasal, ito ba ay dapat mong maging priority ngayon? Bakit?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang premarital sex ay: |
| | mapaglalabanan ko ang threat na ito kung/sa pamamagitan ng: |

**Verse of the Day:**
Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit ang laman ay mahina. ***Matthew 26:41***